

 **Philippine Biblical Worldview Institute**
Certificate in Christian Ministries

900 Christian Marriage ©

Conrad Jun Tolosa

Revised November 21, 2021

CM904. Case Studies

Tatlong categorya ng buhay ang madaling obserbahan: a) ang ating political life o ang ating relasyon sa awtoridad, b) ang ating social life o ang ating relasyon sa Diyos at sa ating kapwa-tao, at c) ang ating economic life o ang ating pangangasiwa sa ating panahon, abilidad at resources. Sa tatlong categorya ng buhay natin masusumpungan ang ugat ng problema ng mag-asawa. Gagamit tayo ng tatlong case studies sa ating pag-aaral.

Case Study 1. Ang unang pagsubok sa relasyon ng mag-asawa ay ang kanilang *political life* (ang relasyon sa awtoridad).

Sinasabi sa Bibliya: *Mga asawang babae, pasakop kayo sa inyong mga asawa na parang sa Panginoon. Sapagkat sila ang namumuno sa inyo na parang pamumuno ni Cristo sa iglesya, na Siyang tagapagligtas nito. Kaya tulad nang pagpapasakop ng iglesya kay Cristo, pasakop kayo sa lahat ng bagay. Mga asawang lalaki, mahal inyo ang inyong mga maybahay tulad ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay upang siya ay maging tangi, hinugasan sa pamamagitan ng tubig na dumaan sa salita upang siya ay maialay ng makinang, walang kulubot o anumang mancha, kundi banal at walang kapintasan (Ephesians 5:22-27).*

Noon, sa tuwing babasahin ko ang passage na ito, naitatanong ko sa aking sarili kung bakit naunang paalalahanan ni Apostol Pablo ang asawang babae at hindi ang lalaki. Nahinto ang pag-aagam-agam na ito nang mabasa at pagbulay-bulayan ko ang mga sumusunod na talata:

Sa babae, sinabi Niya ang ganito: "Labis na daragdagan Ko ang sakit ng iyong pag-dadalang-tao; magiging masakit ang iyong panganganak. Ang iyong pagnanasa ay magiging sa iyong asawa, at siya ang sasakop sa iyo." Genesis 3:16

Dapat matuto ang isang babae nang may katahimikan at lubos na pagpapasakop. Hindi ko papayagan na ang isang babae ay magturo o sumakop sa isang lalaki; nararapat siyang manahimik. Sapagkat si Adan ang unang nilalang, pagkatapos ay si Eba. At hindi si Adan ang napaglalangan; ang babae ang napaglalangan at naging makasalan. 1 Timothy 2:11-14

Maliwanag na ang asawang lalaki ang inatasan ng Diyos na mamuno ng kanyang pamilya ayon sa Genesis 3:16. Mapagwawari din natin sa talatang ito na ang pagnanasa ng asawang babae ay ang sakupin ang kanyang asawa, kapag inalam natin ang kahulugan ng Hebreong salitang "pagnanasa." Dahil sa tendency na ito na likas sa mga kababaihan kaya binigyang diin ni Apostol Pablo na ang lalaki ang dapat maglaan ng leadership at dapat na sa kanya ay magpasakop ang babae.

Isa sa pinakamalaking problema ng bayang Pilipinas ay ang pagwawalang-bahala ng kalalakihang Pinoy patungkol sa paglalaan ng leadership sa pamilya, lalong-lalo na sa mga bagay na espirituwal. Dahil dito, walang magagawa ang mga Pilipina kundi ang punuin ang kakulangang ito. Mapapansin natin na mas

malakas ang loob ng mga Pilipina na tahakin ang mga di-pangkaraniwang bagay na dapat harapin. At mas okay lang sa kanila na gampanan ang mga gawaing dapat ay sa lalaki, tulad ng pamamahala ng pangangailangan at kinabukasan ng pamilya. Contento na ang asawang lalaki na mag-entrega na lamang ng suweldo at bahala na sa lahat si Commander. Ito naman ay kung may ieentrega. Parang dumarami na ang mga *houseband* sa ating bansa.

Sa kabilang palad, may mga lalaki na tumitindig sa pagiging ulo ng pamilya at sila ay seryoso sa pagtanggap sa kanilang mga duties and responsibilities. Subalit, hindi naman ibig sabihin nito na may karapatan na silang maghari-harian sa tahanan. Ang asawang babae ay nilikha ng Diyos upang maging suporta o katulong (hindi angel, kundi kapartner) dahil hindi Niya nilikha ang lalaki na ganap sa kanyang pag-iisa. Samakatuwid, ang kaganapan ay malalasap lamang ng asawang lalaki sa kanyang pakikiisa sa kanyang kabiyak. Maging sa gawaing bahay man, sa pagpapalaki ng mga anak, sa paggawa ng plano para sa kinabukasan ng pamilya o sa pagdedesisyon tungkol sa malaki o maliit mang bagay, kailangan ng lalaki ang input ng babae. Hinihingi ng butihing asawang lalaki ang opinyon, palagay o pakiwari ng asawang babae, hindi upang ang babae ang magdesisyon, kundi maipakita niya na mahalaga sa kanya ang nasasa-isip ng kanyang maybahay.

“Joy, huwag kang kakain ng chichirya at iinom ng softdrink pag malapit nang kumain dahil baka ka mawalan ng gana,” ang madalas sabihin ni Rod sa anak. Subalit ang nangyayari ay pupunta ang bata sa ina at sa kanya hihingi ng pahintulot. Ang sasabihin naman ni Nida ay, “okay pero wag kang magpapakita sa tatay mo.”

Anong mga marital problems ang nag-uugat sa ating political life?

Case Study 2. Ang relasyon ng mag-asawa ay sinusubok sa tatlong aspeto ng buhay. Ang ikalawang pagsubok ay kanilang *social life* (ang relasyon sa kapwa).

Dapat alalahanin at ikalugod ng mag-asawa ang magagandang katangian ng bawat isa. Dapat din nilang isaisip na gamitin ang mga katangiang ito upang mapagyaman ang pagtingin nila sa kani-kanilang sarili. At dapat din nilang unawain ang kahinaan ng bawat isa at planuhin kung paano ang mga ito ay matanggap nang maluwa sa puso at mapagtagumpayan.

Minsan nagkaroon ng munting selebrasyon ang mag-asawang Rod at Nida. Nakaupo na ang lahat upang magsimulang kumain nang magsalita si Rod kay Nida, *O sweetheart, nakalimutan mo na namang maglagay ng napkin sa mesa.* Bumaling si Rod sa mga bisita, *Pasensya na kayo ha, at nagiging ulyanin na itong asawa ko.* Pansing-pansin na napahiya si Nida kahit na pinilit niya itong ikubli.

Ang mga ganitong comento ay hindi nakatutulong kanino man. Hindi ang comentaryong iyon ang kailangan ni Nida upang mapagtagumpayan niya ang kanyang pagiging malilimutin. Sa katunayan nakasakit lang si Rod ng damdamin, hindi lamang ng kanyang maybahay kundi pati na ng kanyang mga kaibigan na nakaramdam ng simpatiya kay Nida.

Ang mag-asawa ay hindi dapat nagpupulaan sa harap ng mga kaibigan, lalong-lalo na sa harap ng kanilang mga anak. Hindi rin nila dapat gamitin ang kanilang mga kapintasan sa pagpapatawa. Masakit sa damdamin na ikaw ay mapintasan.

Ang dapat isipin ng asawa sa ganoong sitwasyon ay gamitin ito na isang pagkakataon na maipakita niya sa kanyang minamahal ang kanyang suporta. Ang dapat sanang sinabi ni Rod ay ganito, *O sweetheart, maupo ka na at ako na ang kukuha ng mga napkin para sa ating lahat.*

Napakabuti sa relasyon ng mag-asawa ang mag-practice ng pagpupuri, pagpapasalamat at pagpapakita ng pagkalugod kahit sa mga maliliit na bagay na ginagawa nila para sa isa't-isa. *Salamat, please, o paki naman* ay ilan sa mga katagang dapat laging binabanggit upang ipalaspas ang pagpapahalaga sa damdamin ng tao. Ang ilang mga pagpapahalaga na masasabi sa asawa ay ang mga sumusunod:

- Ang sarap ng luto mo, salamat.
- Pakikuha naman ng isang basong tubig.
- Kamusta ang araw mo sa trabaho?
- Mayroon ba akong maitutulong sa ginagawa mo?
- Alam mo, napakapalad ko talaga na ikaw ang aking napangasawa.

Kapag nakalimutan nang banggitin ang mga katagang ito, ang mga maliliit ngunit mahahalagang gawain ay nababale-wala na. At di maglalaon, pati na ang mahihirap na bagay na ating ginagawa ay hindi na rin nabibigyang pansin. Ang ganitong uri ng relasyon ay nauuwi sa paghahanap at pati ang dating ginagawang paglilingkod ay tinuturing nang obligasyon.

Anong mga marital problems ang nag-uugat sa ating social life?

Case Study 3. Ang ikatlong pagsubok sa relasyon ng mag-asawa ay sa kanilang *economic life* (ang pangangasiwa ng kanilang time, abilities and resources).

Masusumpungan natin ang tinataguriang *ulirang maybahay* sa Proverbs 31. Mapagmamasdan natin sa bahaging ito ng Banal na Kasulatan ang isang taong napakahusay sa *home economics*. Epektibo at episiyente ang ginagawang pamamahala ng ulirang maybahay sa sambahayan ng kanyang asawa. Dahil sa kahusayan at karunungan ng asawang babae sa pagpapatakbo ng kanyang sambahayan, nakukuha ng asawang lalaki na mamuno sa kanilang komunidad; comfortable siya sa kakayahan ng kanyang maybahay. Alam niya na hindi bili dito at bili doon ang asawa niya. Magaling siyang humawak ng pera. Hindi siya maluho kundi ay magaling mag-budget. Alam niyang ang asawa niya ay hindi bibili ng anumang bagay na hindi nila kailangan kahit na mura ang presyo dahil sa ito ay *on sale*.

Madalas na ang dahilan ng pag-aaway ng mag-asawa ay tungkol sa pera o sa kakulangan nito. Ang kakulangan sa pera ay nag-uugat sa maraming kasalanan. Maaaring katamaran, pagkainggit sa gamit ng kapitbahay, pagnanais na hangaan ng ibang tao, katakawan o karangyaan. Kinakailangan na ang asawang lalaki pa rin ang humawak ng kaban ng sambahayan kung hindi marunong mag-budget ang asawang babae kahit na sinasabi ng ating kultura na ientrega ng asawa ang kanyang suweldo sa kanyang maybahay.

Madaling mahal in ang isang tao na mabait, marunong, masipag, at masunurin. Kung ang lahat ng asawa ay ganyan, wala sanang problema. Kaya lang, bibihira talaga ang mga taong may ganitong mga katangian. Dahil ang marami ay may kakulangan sa bagay na ito, kinakailangan ng mag-asawa ang malaking pasensya, pang-unawa at pagpipigil sa sarili. Makakamtan natin ang mga mainam na katangiang ito sa pamamagitan ng pagpapasakop sa Banal na Espiritu. Hindi natin makakayang mahal nang tama ang ating kabiyak kung hindi tayo mananalig sa Diyos. Ang Diyos lamang ang

makapagbibigay lakas sa atin at makapagtuturo kung papaano natin makukuhang mahalín ang ating asawa na magiging kasiya-siya sa Kanyang harapan. Samakatuwid, mahalaga na malaman natin kung ano ang ating mga pinaniniwalaan tungkol sa pagmamahal sa asawa.

Ang mabuti ay ang nagbibigay kasiyahan sa Diyos. Ang tama ay kung ano ang sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Ang pagbibigayan at pagmamahalan sa isa't isa ay kalugod-lugod sa Kanyang harapan.

Hindi kaila na ang Pilipino ay masayahing lahi – mahilig sumayaw, mahilig kumanta, mahilig sa good time. Yun nga, mahilig sa kasiyahan. Maraming dahilan kung bakít kinakailangang maghanda ang isang sambahayan, tulad ng piesta, binyagan, birthday, kasalan, wedding anniversary, Pasko, New Year, despedida, bienvenida, graduation, nakapasa sa board, promotion, reunion, pot luck, o wala lang. Kaya lang, ang tanong ay ito: May sapat na budget ba? O baka naman pati pambayad sa Meralco o pangmatrikula ng anak, eh, ginastos na para makapaghanda lamang. O kaya naman, nangutang pa para matuloy lang ang selebrasyon.

Ang isa namang masamang ugali ng Pilipino ay ang wala nang hiya-hiya kung mangutang. Masama ang tingin ng Pilipino sa taong hindi nila mautangan. Or worse, yung hindi nila mahingan, lalo na kung mayaman.

Hindi pa handang magpakasal sina Amelia at Efren. Subalit, ano ang kanilang magagawa? Buntis na si Amelia. Kaya kahit walang trabaho si Efren at hindi pa sila nakakatapos ng pag-aaral, ipinakasal na sila ng kanilang mga magulang. Siyempre, may handaan. Siyempre may gumastos. Siguradong hindi ang bagong kasal, sapagkat wala naman silang panggastos.

Sa simula pa lamang, para nang naghahabol sa takbuhan ng buhay ang dalawang bagito sa pagpapamilya. Saan sila titira? Paano ang panganganak ni Amelia? Sino ang bibili ng gatas para sa baby? Siyempre, kinakailangang maghanap ng trabaho si Efren. Dahil sa kanilang katayuan, walang option si Efren kundi tanggapin ang unang trabahong bubukas para sa kanya. Ang buhay ng mag-asawa sa simula pa lamang ay maipipinta na sa paghingi at pangungutang; buhay na magiging puno ng financial problems.

Sa biyaya ng Diyos, nakakilala si Amelia sa Panginoong Jesus. Nagkaroon siya ng pag-asa sa buhay. Subalit alam niya na hindi naman basta-basta malulutas ang kanilang mga problema. Salamat naman at naisama siya ng nagpakilala sa kanya kay Jesus sa kanilang local church.

Isang araw lumapit si Amelia sa kinikilalang church counselor at humingi ng payo kung ano ang kanyang gagawin sapagkat hindi na siya magkanda-ugaga sa gawaing bahay at pag-aalaga ng anak.

Anong mga marital problems ang nag-uugat sa ating economic life?

Discussion questions: a) Usually, sa anong mga bagay nasusunod si Tatay? Sa anong bagay nasusunod si Nanay? b) Ano ang mga normal issues na pinagtatalunan ng mag-asawang Pilipino?

© Revised: November 21, 2021 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.